# Ebolusyon ng Patakarang Pangkagubatan ng Amerika sa Filipinas, 1900-1940

Ma. Luisa De Leon-Bolinao

## Introduksiyon

Ang artikulo ay halaw sa disertasyon ng may-akda[1] na naghahambing sa patakarang pangkagubatan na ipinatupad ng dalawang magkaibang kolonisador sa Timog Silangang Asya – ang mga Amerikano sa Filipinas at ang mga Ingles sa Malaya. Bagaman nagkakaiba ang estilo, malinaw at tiyak ang mga hakbang na tinahak ng mga mananakop sa pamamahala ng kagubatan ng Filipinas at Malaya sa loob ng panahong 1900-1940. Kabilang sa natuklasan sa disertasyon ang ebolusyon ng mga patakarang pangkagubatan na dumaan sa apat na yugto: *Pagtatatag ng mga Institusyong Pangkagubatan; Pananaliksik at Edukasyon; Eksploytasyon at Komersiyalisasyon ng Kagubatan; at Pagmumuling-gubat (Reforestation) at Konserbasyon.*

Ang mga taong 1900-1940 ang ipinasiyang saklaw na panahon ng pag-aaral. Ang taong 1900 ang taon na unang itinatag ang *Forestry Bureau* sa Filipinas, samantalang ang taong 1940 naman ang huling taon ng publikasyon ng mga *Semiannual Reports* ng Direktor sa Paggugubat na pinagbatayan ng datos para sa pag-aaral na ito. Ang apat na yugto ay nagsilbing ikutang panahon sa loob ng saklaw na panahon, at siyang gagamiting transisyon ng bawat bahagi ng artikulo.

Pokus ng papel ang mga patakarang pangkagubatan na umusbong habang pinamamahalaan ng Amerika ang Filipinas bilang kolonya. Samakatwid, ilang mahalagang aspekto ang hindi na matatalakay sa artikulo. Una na rito ang reaksiyon ng mga lokal na komunidad na nakatira o nasasakop ng mga kagubatan. Dalawa ang dahilan nito: hindi ito binigyang-diin sa mga ulat-pampamahalaan ng mga opisyal ng kagubatan at hindi kabilang sa mga nakonsultang batis ang mga lokal na pahayagan sa panahong ito. Ikalawa, maging ang mga batis na ginamit sa artikulo ay puro primaryang batis, at iilan lamang ang mga sekundaryong pag-aaral, dahil halos walang pagtalakay ng patakarang pangkagubatan ang naisulat na tungkol sa panahong ito.